



Lungsod at County ng San Francisco
London N. Breed
Alkalde

Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco

Grant Colfax, MD
Direktor ng Pampublikong Kalusugan

Minamahal na Employer sa San Francisco:

Salamat sa lahat ng iyong ginagawa upang matiyak na maayos ang kalagayan ng iyong mga empleyado at walang panganib na maikalat nila ang COVID-19 sa ibang tao sa lugar ng trabaho. Pinahahalagahan namin ang lahat ng iyong pagsusumikap upang baguhin ang iyong mga negosyo at pang-araw-araw na pamumuhay upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 at makapagligtas ng mga buhay.

Iniaatas ng [Pang-emergency na Pansamantalang Pamantayan \(Emergency Temporary Standard, ETS\) ng Cal/OSHA sa COVID-19](#)¹ na mag-isolate ang sinumang empleyadong magpopositibo sa COVID-19. Batay ito sa gabay mula sa [Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California \(California Department of Public Health, CDPH\)](#). Karamihan ng empleyadong² na-diagnose ng COVID-19 ay maaaring bumalik sa trabaho pagkatapos ng 5 araw, nang may mahigpit na rekomendasyong magsuot ng mask na maayos ang fit hanggang kahit man lang ika-10 araw kung:

- (1) Magnegatibo sila sa test³ na kokolektahin sa ika-5 araw o huli pa rito AT alinman sa:
 - (a) Kung nagkaroon sila ng mga sintomas, 5 araw na mula noong nagsimula ang mga sintomas nila, bumuti na ang mga sintomas nila, AT wala silang lagnat, O
 - (b) Kung hindi sila kailanman nagkaroon ng anumang sintomas, 5 araw na mula noong magpositibo sila.

Hindi inirerekomenda ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFPDH) ang paghiling ng medikal na tala para bumalik sa trabaho. Ang paghiling sa mga empleyado na magbigay ng medikal na tala ay gumagawa ng backlog sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan at pinapatagal nito ang pagbalik sa trabaho. Maaaring bumalik sa trabaho ang mga empleyado kapag natutugunan nila ang mga pamantayang inilalarawan sa itaas.

Maaaring i-print ng mga empleyadong nakatutugon sa mga pamantayan sa itaas ang liham na ito kung hihingi ang employer nila ng nakasulat na katibayan para bumalik sa trabaho. Mahahanap ang liham na ito online sa <https://sf.gov/topics/business-during-coronavirus-pandemic>.

Mangyaring sumangguni sa mga sumusunod na mapagkukunan para sa higit pang detalye:

- Pag-isolate at Pag-quarantine: Manatili sa bahay kung mayroon o posibleng mayroon kang COVID-19:
 - <https://sf.gov/youve-had-close-contact-or-positive-test>
 - <https://sf.gov/quarantining-covid-19>
- Impormasyong partikular sa San Francisco para sa mga employer:
<https://sf.gov/topics/business-during-coronavirus-pandemic>
- Ano ang dapat gawin ng mga employer kung may COVID-19 ang isang tao sa lugar ng trabaho:
<https://sf.gov/step-by-step/what-do-if-someone-work-has-covid-19>

Salamat sa lahat ng ginagawa mo para mapanatiling malusog ang ating komunidad,

Susan Philip, MD, MPH
Opisyal sa Kalusugan ng Lungsod at County ng San Francisco

¹ Isa pang mapagkukunan ang [Mga FAQ sa Cal/OSHA](#). Ang ilang lugar ng trabaho ay napapailalim sa [Pamantayan ng Cal/OSHA sa Mga Aerosol Transmissible Disease \(ATD\)](#).

² Maaaring hindi naaangkop ang liham na ito sa mga sitwasyon ng pangangalagang pangkalusugan (kabilang ang mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga), mga bilangguan, shelter, at paaralan.

³ Mas mainam ang isang antigen test. Katanggap-tanggap ang mga over the counter na test para wakasan ang pag-isolate.

Pagbabalik sa Trabaho para sa Mga Nagkaroon ng COVID-19

Nagkaroon ba ng mga sintomas ang empleyado?

OO, nagkaroon ng mga sintomas ang empleyado. Maaari siyang bumalik sa trabaho kung natutugunan niya ang LAHAT ng apat na kahon:

Mahigit 5 araw na ang nakalipas mula noong nagsimula ang mga sintomas ko.

Petsa ngayong araw: _____

Petsa ng pagsisimula ng mga sintomas: _____

Bumuti na ang aking mga sintomas.

Mahigit 24 na oras na ang nakalipas mula noong nagkaroon ako ng lagnat at gumaling ako nang hindi umiinom ng mga gamot na pampababa ng lagnat.

May negatibo akong COVID-19 test na nakolekta sa ikaw-5 araw o pagkatapos ng 5 araw mula sa petsang nagsimula ang mga sintomas ko.

Petsa ng negatibong test: _____

O KAYA,

Mahigit 10 araw na mula noong nagsimula ang mga sintomas ko.

HINDI, walang mga sintomas ang empleyado. Maaari siyang bumalik sa trabaho kung natutugunan niya ang ISA sa mga kahon:

Mahigit limang araw na mula noong nagpositibo ako para sa COVID-19 virus, at may negatibo akong COVID-19 test na nakolekta sa ikaw-5 araw o pagkatapos ng 5 araw mula noong petsang nagsimula ang mga sintomas ko.

Petsa ngayong araw: _____

Petsa ng positibong test: _____

Petsa ng negatibong test: _____

Mahigit 10 araw na mula noong nagpositibo ako para sa COVID-19.

Petsa ngayong araw: _____

Petsa ng pagsisimula ng mga sintomas: _____

Pangalan ng Empleyado: _____

Lagda ng Empleyado: _____